

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by Ma'am VIVIANA C. JECIEL | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 12 – 16, 2022 (WEEK 4) | Quarter: | 1ST QUARTER |


| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Layunin** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto | Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagtatala ng mga kailangang impormasyon o datos | Nakapagtatala ng mga kailangang impormasyon o datos | Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isang paksa | Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isang paksa | Nakagagawa ng movie trailer para sa maikling pelikulang napanood |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (CODE)** | Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa isang paksa**(F5EP-Id-6)** | Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagtatala ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa isang paksa**(F5EP-Id-6)** | Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili,sa mga tao,hayop, lugar,bagay at pangyayari sa paligid **(F5WG-Ia-e-2)** | - Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili,sa mga tao,hayop, lugar,bagay at pangyayari sa paligid **(F5WG-Ia-e-2)**<br>-Naibabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan o naobserbahan**(F5PS-Id-3.1_** | Nailalarawan ang tagpuan at tauhan ng napanood na pelikula **(F5PD-Id-g-11)** |
| **1. NILALAMAN** | Masipag na Bata, Isang Biyaya | | Kailanan ng Pangngalan | Kailanan ng Pangngalan<br>Pagbabahagi ng pangyayaring nasaksiha o naobserbahan | Paglalarawan sa mga tauhan at tagpuan ng napanuod na pelikula |
| **2. KAGAMITANG PANTURO** | Aklat,PPT, larawan, metacards | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Gabay ng Guro (pahina)** | Alab Fil. Manwal ng Guro pp. 17-18 | | Alab Fil. Manwal ng Guro pp. 18 | Alab Fil. Manwal ng Guro pp. 20 | Alab Fil. Manwal ng Guro pp. 16-17 |
| **2. Kagamitang Pangmag-aaral** | Alab Fil. Batayang Akkat pp. 18-20 | | Alab Fil. Batayang Akkat pp. 20-21 | Alab Fil. Batayang Akkat pp. 22 | Alab Fil. Batayang Akkat pp. 17 |
| **3. Teksbuk (pahina)** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan (LR portal)** | | | | | |
| **B. Iba Pang Kagamitang Panturo** | | | | | https://www.youtube.com/watch?v=Rz4-EpN-884 |

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>Si Buboy ang Masipag na Bubuyog</td></tr>
<tr><td>I. PAMAMARAAN</td><td colspan="5"></td></tr>
<tr><td>A. Balik-Aral sa Nakaraang Aralin at/o Pagsisimula ng Bagong Aralin</td><td>Ano-ano ang mga kasarian ng pangngalan?<br>Magbigay ng halimbawa ng bawat isa.</td><td>Ano-ano ang mga kasarian ng pangngalan?<br>Magbigay ng halimbawa ng bawat isa.</td><td>Ano ang naging bunga ng pagiging masipag ng isang bata?<br>Paano nakamit ni Michael ang kanyang pangarap na makasali sa Sochi Olympics?</td><td>Ano-ano ang tatlong uri ng kailanan ng pangngalan?<br>Magbigay ng halimbawa ng bawat isa.<br>Ano ang kahulugan ng panghalip panaklaw?</td><td>Ano ang panghalip panaklaw?<br>Magbigay ng halimbawa ng pangungusap na may gamit na panghalip panaklaw.</td></tr>
<tr><td>B. Paghahabi sa Layunin ng Aralin</td><td>Magpakita ng larawan ng isang bansang may niyebe.<br>Itanong: Ano kaya ang maaring gawing libangan sa mga bansang may niyebe?</td><td>Magpakita ng larawan ng isang bansang may niyebe.<br>Itanong: Ano kaya ang maaring gawing libangan sa mga bansang may niyebe?</td><td>Magsagawa ng laro na “The boat is sinking”<br>Ipakita o ipapangkat ang sarili ayon sa sasabihing bilang.</td><td>Bilang pangganyak na gawain, basahin sa klase ang sumusunod na pangungusap, saka sila mag-uunahan sagutin ang amga ito sa kanilang show me board.<br>1.Masayang nagkukuwentuhan ang magkakaklase sa loob ng kanilang silid-aralan.<br>2.Si Maria ay mabuting ina.<br>3.Nagtungo kahapon sa bukid ang mag-pinsan upang magtanim ng palay.</td><td>Ano ang pinakapaborito mong pelikula?<br>Bakit mo ito paborito?<br>Ano ang nagustuhan mo sa pelikulang ito?<br>Hingan ang mga mag-aaral ng kanilang kasagutan upang makuha ang interes nila sa aralin.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more</td></tr>
<tr><td>C. Pag-uugnay ng mga Halimbawa sa Bagong Aralin</td><td>Ipabasa ang Paghandaan Natin at magkaroon ng malayang talakayan tungkol dito.<br><br>Ipakita ang larawan ni Michael Christian Martinez</td><td>Ipabasa ang Paghandaan Natin at magkaroon ng malayang talakayan tungkol dito.<br><br>Ipakita ang larawan ni Michael Christian Martinez</td><td>Talakayin ang tatlong uri ng kailanan ng pangngalan sa PAG-ARALAN NATIN sa pahina 20.”</td><td>Talakayin ang mga sagot ng mag-aaral. Ipasulat sa pisara ang mga tamang sagot.<br>Mula sa kasagutan ng mga mag-aaral ay talakayin na rin ang mga kailanan ng pangngalang ginamit at papunan ang talahanayan. bilang halimbawa sa susunod na gawain.<table><tr><td>Isahan</td><td>Dalawahan</td><td>Maramihan</td></tr><tr><td></td><td></td><td>magkakaklase</td></tr><tr><td>ina</td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td>magpinsan</td><td></td></tr></table></td><td>Magpanood ng isang maikling pelikula sa mga bata.<br>Ipanood ang “Si Buboy ang Masipag na Bubuyog”<br><br>-Ipaskel sa pisara ang pamagat ng pelikulang panonuorin<br>-Pag-usapan ang pamagat<br>-Ano ang pamagat ng pelikula<br>-Gamit ang prediction chart, ano ang mga tanong na nais ninyong masagot sa pelikulang papanuorin?</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | PAG-ARALAN NATIN<br><br>May tatlong uri ng **kailanan ng pangngalan.**<br>Ito ang:<br><br>**Isahan** – pangngalang likas na nag-iisa lamang ang bilang<br>Halimbawa: kapatid, kaibigan<br>Kaarawan ng *kaibigan* ko ngayon.<br><br>**Dalawahan** – pangngalang may dalawang bilang.<br>Halimbawa: magkapatid, magkaibigan<br>Pinagbubuti ng *magkapatid* ang kanilang pag-aaral.<br><br>**Maramihan** – pangngalang may bilang na maramihan.<br>Halimbawa: magkakapatid, magkakaibigan<br>Nagkakatuwaan ang *magkakaibigan*.<br><br>Ang **panghalip panaklaw** ay ang salitang nagsasaad ng pagsakop. Kabilang sa mga salitang ito ang pawang, lahat, madla, sinuman, alinman, at anuman.<br><br>20 | | Tanong / Huling sagot / Tunay na sagot<br><br>Ano ang inyong natutuhan sa kuwento? |
| **D. Pagtalakay ng Bagong Konsepto at Paglalahad ng Bagong Kasanayan #1 (Modelling)** | Ipabasa ang "Karangalan Mula sa Niyebe" sa mga pahina 18-19 ng batayang aklat ng Alab Filipino. | Ipabasa ang "Karangalan Mula sa Niyebe" sa mga pahina 18-19 ng batayang aklat ng Alab Filipino. | Magbigay ng mga halimbawa ng bawat isa at hayaang magbigay din ng halimbawa ang mga mag-aaral. | Gawin ang PAGSIKAPAN NATIN C. Talakayin ang kasagutan ng mga mag-aaral matapos nilang sagutan ang gawain.<br><br>C. Basahin ang seleksiyon. Matapos nito, kilalanin ang kailanan ng pangngalan at panghalip na panaklaw na ginamit dito. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>**Kaibigan Tayo Ha!**<br><br>Tuwing araw ng Linggo pagkagaling sa simbahan, dumideretso si Leo sa isang puno sa loob ng kanilang bakuran. Palibhasa'y solong anak, nakasanayan na niya ang maglarong mag-isa sa ilalim ng puno ng mangga. Nakasanayan na rin ng kaniyang ina at ama na marinig ang kaniyang awit. Kahit nga ang kanilang mga kapitbahay ay nakasanayan nang makita siya rito sa bakuran tuwing Linggo ng umaga. Lahat ng dumaraan ay natutuwang makita ang mabait at masayahing bata. Sinuman ay napapangiti ng kaniyang munting tinig. Paborito niyang awitin ang mga linyang "Kapatid kita, Kaibigan tayo, Ngayon at magpakailanman," na wari ba mayroong kinakausap sa ilalim ng mangga. | PAGNILAYAN NATIN:<br>Magbigay ng halimbawa upang higit na mapatunayan ang kahalagahan ng kasipagan sa buhay ng isang tao. |
| **E. Pagtalakay ng Bagong Konsepto at Paglalahad ng Bagong Kasanayan # 2 (Guided Practice)** | Itanong:<br>Naniniwala ba kayo na ang masipag na bata, ay isang biyaya? | Itanong:<br>Naniniwala ba kayo na ang masipag na bata, ay isang biyaya? | Ano ang panghalip panaklaw? Talakayin ito at magbigay ng mga halimbawa ng pangungusap gamit ang mga panghalip panaklaw at | Magsagawa ng pangkatang Gawain bilang pangganyak sa aralin. Basahin ang pangungusap at ipatukoy kung anong uri ng kailanan | Tumawag ng mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang sagot. |

| Tanong | Huling sagot | Tunay na sagot |
|---|---|---|
| | | |

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td>ipatukoy ang ginamit sa mga mag-aaral.<br>Hal. Nagdiwang ang madla dahil sa nakamit na tagumpay ni Kyrie Verzosa sa ginanap na Miss International sa Japan.</td><td>ng pangngalan o panghalip panaklaw na ginamit sa pangungusap.<br>Mag-uunahan ang bawat pangkat na maisulat ito sa kanilang show me board.</td><td></td></tr>
<tr><td>F. Paglinang sa Kabihasaan (Independent) (Tungo sa Formative Assessment 3)</td><td></td><td>Talakayin ang Pag-usapan Natin<br>Talasalitaan: Ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ito sa pangungusap.<br>1. skating<br>2. niyebe<br>3. namangha<br>4. palaisipan<br>5. suporta<br>6. ibuhos<br>7. isasanla<br>8. sponsor<br>9. matutubos<br>10. determinasyon</td><td>Pasagutan ang PAGSIKAPAN NATIN A sa pahina 21.<br><br>PAGSIKAPAN NATIN<br>A. Buuin ang diwa ng bawat pangungusap. Piliin ang angkop na panghalip panaklaw sa kahon. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.<br>gaanuman saanman pawang lahat madla anuman marami alinman<br>1. Dapat na sundin natin ang _____ ng batas lalo na't makabubuti ito sa atin.<br>2. _____ ako makarating, igagalang ko ang batas sa lugar na iyon.<br>3. _____ manggagawa ang dumalo sa seminar na idinaos ng TESDA kanina.<br>4. Dapat na makiisa ang buong _____ upang makamit ang layunin para sa ikauunlad ng bansa natin.<br>5. Matapat na sinusunod ng magkapatid na Joe at Ira ang _____ bilin ng kanilang mga magulang.<br>6. Pupunta sila sa Bataan _____ ito kalayo para lang dumalo sa kaarawan ng kaniyang pinsan at matalik pang kaibigan.<br>7. _____ ang dumalo sa handaang pinuntahan namin.<br>8. _____ sa mga handa ay labis na nagustuhan ng mga dumalo.<br>9. Kaya naman _____ ng aming mag-anak ay nasiyahan din sa kinalabasan ng handaan.<br>10. Ang _____ ay nagulat sa pagdating ng pinakahuling panauhin.</td><td>Gawin ang PAGSIKAPAN NATIN D. Sipiin sa iyong kuwaderno ang talahanayan sa ibaba. Pagkatapos, punan ito ng kailanan ng pangngalan.<br><table><tr><td>Isahan</td><td>Dalawahan</td><td>Maramihan</td></tr><tr><td>1.ama</td><td></td><td></td></tr><tr><td>2.kapatid</td><td></td><td></td></tr><tr><td>3.bata</td><td></td><td></td></tr><tr><td>4.guro</td><td></td><td></td></tr><tr><td>5.kalaro</td><td></td><td></td></tr></table></td><td>PAG-ALABIN NATIN<br>Gabayan ang mga mag-aaral upang makagawa ng islogan na nagpapakita ng pagmamalasakit sa pamayanan. Gamitin ang rubrik sa pagmamarka ng natapos na islogan.<br><br>RUBRIK SA PAGSULAT NG ISLOGAN<br><table><tr><td></td><td>5</td><td>4</td><td>3</td><td>2</td><td>1</td></tr><tr><td>NILALAMAN<br>• pagsunod sa uri at anyong hinihingi<br>• lawak at lalim ng pagtalakay</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>BALARILA<br>• wastong gamit ng wika<br>• paglimita sa paggamit ng mga salitang hiram</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>HIKAYAT<br>• paraan ng pagtalakay sa paksa<br>• pagsunod sa tiyak na panutong ibinigay ng guro kaugnay ng gawain</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>5 – Pinakamahusay<br>4 – Mahusay<br>3 – Katanggap-tanggap<br>2 – Mapaghuhusay pa<br>1 – Nangangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay</td></tr>
<tr><td>G. Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay (Aplication/Valuing)</td><td></td><td>Ano ang magandang dulot ng pagiging masipag, matiyaga, masigasig at pagkakaroon ng determinasyon sa buhay?</td><td>Ano ang kahalagahan ng wastong paggamit ng mga kailanan ng pangngalan at panghalip panaklaw sa pagbuo ng isang pangungusap?</td><td>Sa iyong palagay, bakit mahalaga na matukoy ang bawat kailanan ng pangngalan na ginagamit sa pangungusap?</td><td>Ano ang magadang naidudulot ng pagiging masipag na bata?</td></tr>
<tr><td>H. Paglalahat ng Aralin (Generalization)</td><td></td><td>Paano mo ipakikita ang iyong pagmamalasakit sa bansa?</td><td>Ano-ano ang tatlong uri ng kailanan ng pangngalan? Magbigay ng halimbaw ng mga ito.</td><td>Ano-ano ang mga kailanan ng pangngalan?<br>Ano ang panghalip panaklaw?</td><td>Paano mailalarawan ng wasto ang mga tauhan at tagpuan?<br><br>Sagot:<br>Upang mailarawan ng wasto ang mga tauhan at tagpuan, kailangan ng masusing panonood sa pelikulang pinapanood at upang lubos din maunawaan ang kuwentong pinapanood.</td></tr>
<tr><td>I. Pagtataya ng Aralin</td><td></td><td>Pasagutan ang Pag-unawa sa Binasa. Buuin ang pangungusap sa bawat bilang. Punan ang patlang ng angkop na salita.</td><td>Piliin ang kailanan ng pangngalang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.</td><td>Ipagawa ang PAGTULUNGAN NATIN sa Alab Filipino Batayang Aklat pahina 22.</td><td>Gawin Natin 1<br>a.Sinu-sino ang mga tauhan sa napanuod ninyo sa pelikula?</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Isalat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>1. Bata pa si Michael nang makahiligan niya ang _________<br>2.Kahit na nakararanas ng _______________<br>3. Nakabuti sa __________ ni Michael ang lamig ng skating rink.<br>4. Ang ____________ ay ang kompetisyong itinuring ni Michael na pinakamalaking laban niya bilang skater.<br>5. Kayang-kayang makipagtagisan ng Pilipino kapag ____________, _________, _____________, at _______________________. | 1.Matapat na naglilingkod ang dama sa palasyo.<br>2. Mahal na mahal siya ng magkapatid na prinsesa.<br>3. Maging ang hukbo ng mga kawal ay labis ang paggalang sa damang ito.<br>4. May isa pang kapatid ang daman a kasingbait din niya.<br>5. Naglilingkod naman ito sa kabataan bilang guro.<br>6. Ang mga mag-aaral na tinuturuan niya ay masisisgasig na mag-aaral.<br>7. Ang kambal na anak ng kapatid ng dama ay maliliit pa.<br>8. Inaalagan ito ng kanilang mga magulang.<br>9. May magandang samahan at pagsusunuran ang sambayanan.<br>10. Labis itong ikinatuwa ng hari at reyna. | <br>PAGTULUNGAN NATIN<br>Madaling magagawa ang lahat ng bagay kung may makakasama tayo sa pagtupad ng mga gawain. Bumuo ng pangkat na may pitong kasapi. Pag-usapan ang napapanahong isyu sa buong bansa na may kinalaman sa mga kabataang tulad ninyo. Pagkatapos, gumawa ng tatlong islogan gamit ang kailanan ng pangngalan at/o ang panghalip na panaklaw. Gawin ninyo ito sa isang kartulina.<br>Halimbawa: Mabuting kaibigan sa lungkot at saya<br>Di magbabago dalawang taon mang di magkita<br>Islogan ang tawag sa pangkat ng salita na binuo upang ipahatid ang isang idea kaugnay ng isang paksa. Kadalasang may sukat at tugmaan ito. Madalas ding gamitin sa mga patalastas sapagkat mabilis itong tandaan.<br>22 | b.Ilarawan ang mga tauhan.<br><br>c.Saan ang tagpuan ng pelikula?<br><br>d.Ilarawan ang tagpuan. |
| **J. Karagdagang Gawain Para sa Takdang-Aralin at Remediation** | | | | | |
| **II. MGA TALA** | | | | | |
| **III. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng Mag-aaral na Nakakuha ng 80% sa Pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng Mag-aaral na Nangangailangan ng Iba Pang Gawain para sa Remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong baa ng remediation? Bilang ng Mag-aaral na Nakaunawa sa Aralin.** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D. Bilang ng Mag-aaral na Magpapatuloy sa Remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong Kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |